Film Review

# Bayaning Talunan*
# Rebyu sa Pelikulang *Caregiver (2008)*

## Direksiyon ni Chito Roño

***Rommel B. Rodriguez***

"Fly high with us like an eagle in the sky…"
mula sa billboard ng isang caregiving
agency sa Session Road sa Baguio

Kung may pera sa basura, mas maraming perang makukuha sa dumi ng mamamayan ng mga mayayaman na bansa. Parang ito ang gustong tukuying moral ng pelikulang *Caregiver* na ipinalabas sa buong bansa, maging sa Europa. Nakatuon ang banghay ng pelikula sa sitwasyong kinasadlakan ni Sarah, isang *English teacher* sa elementarya na napilitang magtrabaho sa London bilang caregiver. Pangkaraniwan at madaling tanggapin ang dahilang ibinigay ng pelikula para mangibang-bansa si Sarah: kailangan nilang mag-ipon para sa kinabukasan ng nag-iisa nilang anak (na sa katapusan ay dadalhin din ni Sarah sa London para makapiling niya). Nauna nang nagtrabaho ang asawa ni Sarah, si Teddy (John Estrada), sa London bilang *nurse*. Sa gitnang bahagi ng pelikula'y matutuklasan ni Sarah na isang *assistant health aid* lang pala si Teddy sa pinapasukan nitong ospital.

Para mas lalong maging madrama ang eksena at magmistulang may kontradiksiyon ang pelikula, dadalaw si Sarah sa kaniyang pamilya bago umalis.Sa huling pagkakataon, makakasama niya ang kaniyang mga kapatid, ina, at lola.

*Para kina Choy, Frank at Roland

Masasaksihan ni Sarah ang pag-aalagang ginagawa ng kaniyang ina at mga kapatid sa kanilang lola na halos hindi na siya makilala. Dito, malinaw ang literal na kontradiksiyon: mag-aalaga si Sarah ng matatandang Briton habang hindi niya maalagaan ang kaniyang sariling lola. Madali din namang malulutas ang problemang ito. Bago tuluyang umalis si Sarah, bibigyan siya ng kaniyang lola ng balabal bilang pananggalang sa lamig sa pupuntahang bansa. Tuluyang lumipad si Sarah papuntang London. Sinalubong siya kaagad ni Teddy sa *airport*. Kasabay ng pag-alis ni Sarah ang mga manonood sa sinehan habang nananatili sa upuan. Sa pamamagitan ng pelikula, makikita ang mga tanawin sa London: maganda, malamig, presko ang hangin, at malinis ang ilog. Makikita ang matataas na gusali habang namamasyal sina Sarah at Teddy sa tabing-ilog. Selektibo ang representasyon ng London na ipinapakita ng kamera.

Bibigyan ng pagkakataong maging romantiko ang ilang eksena sa pelikula. Makikitang magkayakap sina Sarah at Teddy habang sabay na nangangarap ng magandang kinabukasan para sa kanilang pamilya. Dumaan ang isang *yatch* at naihanda na pala ni Teddy na dito ipagdiwang ang kanilang *wedding anniversary*. Matutuloy naman ang planong ito. Gumastos si Teddy sa halip na magtipid na laging ipinapaalala ni Sarah sa kaniya. Nagsisimula nang makaharap ni Sarah ang samu't saring problema. Natapos ang kanilang pagdiriwang nang hindi nagkikibuan at masama ang loob sa isa't isa. Ang domestiko nilang problema ay hindi natapos kahit lumipat sila ng ibang bansa para magtrabaho. Nasabi rin naman ito ni Sarah kay Teddy, pero hindi rin siya pinansin. Unti-unting nang naging lasenggo at pabaya si Teddy sa trabaho hanggang sa tuluyang mag-AWOL at matanggal.

Ginawa ni Sarah ang lahat para matupad ang sinasabi niyang mga pangarap sa buhay. Nagsipag siya sa trabaho, patuloy na nagtipid, at di nakakalimutang magsimba. Ang dati nilang inuupahang apartment ay madadagdagan ng iba pang Filipino na katulong at caregiver para menos sa upa. Makikihalubilo siya sa iba pang Filipino na kasama niya sa trabaho at komunidad. Hindi rin niya makakalimutan na paalalahanan si Teddy na ayusin ang buhay nito. Minsan, sa isang salo-salo, naglasing si Teddy at nakipag-away. Magiging saksi ang iba pang migranteng Filipino na propesyonal ang trabahong iniwan sa Pilipinas para pasukin ang mga trabahong tinatanggihan ng mga Briton, mga *dirty job*, sabi nga ni Teddy.

Madaling makukuha ang simpatya at awa ng mga manonood kapag nakita na ang pag-iyak ni Sarah dahil sa kaniyang mga hinaharap na problema. Ginawa niya ang lahat nang maaari, pero pilit pa rin siyang inaaya ni Teddy na umuwi na ng Pilipinas. Sa airport, magbabago ang desisyon ni Sarah na bumalik ng bansa. Umiiyak siyang sumakay ng *taxi* habang muli niyang binabagtas ang isa na namang simulaing itinuturing niyang pakikipagsapalaran.

Mapanganib ang pagtatapos ng pelikula dahil sa pangako ng pag-unlad at pag-asang magiging maganda ang buhay nina Sarah. Na kung tutuusin, mala=prinsesang turing pa rin sa mga nagnanais na mapaloob sa konsepto ng *from rags to riches*. Ang kaibahan nga lang nito, posible nga ang umangat sa buhay pero sa paraang naghuhudyat ng pang-aapi at pagkaalipin. Naging daan ito para magkaroon ng epektibo at libreng patalastas ang mga ahensiya na patuloy na nagpapadala ng mga Filipino sa ibang bansa para maging mga *domestic helper* at caregiver. Mapanganib dahil ipinamukha ang trabahong ito na marangal at dakila. Esensiyal ang paglikha ng huwad na realidad sa pelikula dahil dito huhugot ng lakas ng loob ang mga nagbabalak na pumasok sa ganitong uri ng trabaho.

Sa isang eksena bago tuluyang umalis si Sarah papunta ng London, nagtawanan ang kaniyang mga mag-aaral nang sabihin ng isang estudyante na may kamag-anak itong caregiver na nagpupunas ng puwet ng mga inaalagaang pasyente. Napangiti lang si Sarah at hindi sineryoso ang sinabi ng bata. Naikuwento pa nga niya ito sa kaniyang mga *co-faculty* nang minsang maghanda siya ng isang munting salosalo para sa kaniyang despedida. Ang hindi alam ng mga bata, dahil sa pag-aaral nila ng wikang Ingles, inihahanda na rin sila ng estado para sumunod sa yapak ng kanilang mga magulang at kamag-anak na nangingibang-bayan.

Para mas lalong maging makulay at umusad ang banghay ng pelikula, makikilala ni Sarah ang isang pasyente, si Mr. Morgan na dating *publisher* ng isang pahayagan sa London. Magiging malapit ang loob ni Mr. Morgan kay Sarah. Sa una'y antagonistiko si Mr. Morgan at mistulang galit kay Sarah. Malaki ang naitulong ni Sarah kay Mr. Morgan nang minsang atakihin ito sa puso. Mabilis na nakarating ang doktor dahil nakita agad ni Sarah si Mr. Morgan na inatake. Dahil dito, nadagdagan ang sahod ni Sarah. Pero tuloy ang pagiging masungit ni Mr. Morgan. Sa isang eksena, sinagi ni Mr. Morgan ang *tray* ng pagkain na ibinibigay ni Sarah sa kaniya. Sinabi ni Sarah na maaari

siyang palitan bilang caregiver kung ayaw ni Mr. Morgan sa kaniya. Ikakatuwiran ni Sarah na kailangan niya ang trabaho bilang caregiver para sa kinabukasan ng kaniyang pamilya. Ayon nga sa kaniya *"I care for my work, I care for you!"* Sa kamay ni Mr. Morgan nakasalalay ang kapalaran ni Sarah. Masasaksihan ng anak na babae ni Mr. Morgan ang paninigaw ni Sarah sa kaniyang ama. Buong akala ni Sarah, matatanggal siya sa trabaho. Pero sa halip, ipinagtanggol siya ni Mr. Morgan sa anak nito at sa *manager* ng nursing home. Natuwa si Sarah sa desisyon.

Binura ng eksena ang katotohanang ang pag-aalaga sa mga Briton ay sanhi ng pinangangambahang kahirapan ng mga peti-burgis sa Pilipinas. Kung tutuusin, ang mga caregiver ang siyang salat sa pag-aalaga ng bansang pinagmulan. Ang mga nangingibang-bayan ang marapat alagaan, ngunit ang interes ng mayayamang bansa na nangangailangan ng mga domestic helper at caregiver ang binibigyang-priyoridad ng estado. Ibig sabihin, kapuwa ang mamamayang nangingibang-bayan at ang estado ay magkahalintulad bilang mga caregiver. Ang mga Filipinong naghihirap ang nag-aalaga sa matatatanda at sakiting mayayaman ng mayamang bansa para manatili silang malusog at nasa kapangyarihan. Kahalintulad ito sa pag-aalaga ng estado sa mga interes ng bansang makapangyarihan. Gayundin din, ang mga migranteng manggagawa ay mga caregiver ng estado dahil sa ito ang nakikinabang sa kanilang pagiging alila.

Dagdag puntos para sa estado ang pagpupunyagi ni Sarah. Kahit papaano, nagkaroon siya ng lakas ng loob na tapatan ang pang-aaping ginawa sa kaniya. Sino ba naman ang maglalakas ng loob na sigawan ang pasyenteng alam mong puwedeng magpatalsik sa iyo? Idagdag pa dito ang posibilidad na magkaroon ng isang mabuting pasyente/amo na itinatrato ang mga caregiver bilang kaibigan at kapantay. Sa isang madamdaming eksena, sinabi ni Mr. Morgan kay Sarah na ikinalulugod niyang makilala si Sarah at maging personal niyang caregiver dahil buong puso nitong ginagawa ang pagsisilbi kahit inalispusta noong una. At dahil sa papuring ito, higit na magkakaroon ng lakas ng loob si Sarah na maging mabuting caregiver.

Dahil sa pagiging mahusay ni Sarah sa pag-alaga ni Mr. Morgan, dinala siya ng pamilya nito sa kanayunan at nakita niya ang rural na bahagi ng United Kingdom; maganda ang mga bulaklak, sariwa ang hangin, malamig, parang mga larawan sa mga *postcard*. Mala=turista ang pagkuha ng sinematograpiya sa magagandang tanawin ng U.K. na para bang mula sa punto de bista ng isang

turista at hindi sa karakter ni Sarah. Magpapalipad si Mr. Morgan ng isang saranggola. Aalagwa ito at hahanapin ni Sarah sa gubat na pumapaligid sa bahay ni Mr. Morgan. Dito matutuklasan ng mga manonood ang unang eksenang ipinakita sa pelikula: ang paglalakad ni Sarah sa gitna ng kagubatan habang nagbibigay ng isang monologo tungkol sa pakikipagsapalaran sa buhay. Malinaw ang talinghaga ng saranggola na nais ipahiwatig ng pelikula, na ito ang buhay ni Sarah at ng mga gustong sumunod sa yapak ni Sarah. Subalit kung tutuusin, nakasalalay pa rin sa kamay ni Mr. Morgan ang kapalaran ni Sarah sapagkat ito ang nagpapalipad ng saranggola. Sa pagbalik ni Sarah dala ang saranggola, masasaksihan niya ang tuluyang pagpanaw ni Mr. Morgan. Ang pantasya ng dating kolonisador ay unti-unti nang nagiging realidad.

Sa unang sipat, maaaring tingnan ang kamatayan ni Mr. Morgan bilang bahagi ng dramatikong eksena sa pelikula. Sino ba namang manonood ang hindi malulungkot sa pagkamatay ng nag-iisang pasyenteng tumanggap kay Sarah bilang kaibigan at kapantay? Pisikal ang pagpanaw ni Mr. Morgan subalit mas tumingkad ang muling pagkabuhay ng bagong yugto ng kolonisasyong isinasakatuparan ng mga makapangyarihang bansa. Hindi na nila kailangang mangamkam ng bagong teritoryo sapagkat kusa nang pumupunta ang mga dating kolonya sa kanilang bansa upang magsilbi. Mas malala ang ganitong sitwasyon. Bukod sa alyenasyong nararanasan ng mga migranteng Filipino, nawawalan ng bisa ang kanilang pagiging mamamayan sapagkat binubura ito ng mga patakarang napagkasunduan ng Pilipinas at ng makapangyarihang bansa. Nakapiling man ni Sarah ang kaniyang anak sa pagtatapos ng pelikula para maisulpot ang usapin ng pagiging buong muli ng kaniyang pamilya, ang tunay na naganap ay ang disintegrasyon ng kaniyang pagkatao. Nawala ang kaniyang identidad bilang isang Filipino sapagkat tulad na lamang siya ng iba pang migranteng manggagawa mula sa mahihirap na bansa gaya ng Pilipinas.

Sa isang eksena habang nilinis ni Sarah ang dumi ng isang pasyente, halos hindi niya ito masikmura. Pero agad siyang sinabihan ng kapuwa Filipinong caregiver na sa bawat punas niya ng dumi sa puwet ng pasyente, ang kapalit nito'y *pounds*. Dahil sa pinagtuunan ng pansin ng pelikula ang domestikong suliranin ni Sarah, nawalan ng bisa ang usaping politikal at pang-ekonomiya na sumisira sa pagkatao ng mga migranteng manggagawa. Kung tutuusin, hindi lamang ang mga Filipino ang itinuturing na *audience* ng pelikula kundi

ang mga bansang patuloy na naghahanap ng serbisyo para alagaan ang kanilang matatandang mamamayan. Pinatindi ang ganitong kondisyon ng pagtatayo ng mga paaralan para sa caregiving kung saan nag-aral si Sarah. Kapag natapos ang kurso, magbibigay ng sertipiko ang paaralan bilang patunay na alam na ng caregiver kung paano maging isang mabuting alila. Sa huling bahagi ng pelikula, matutuklasan ni Sarah ang isang liham sa kaniya ni Mr. Morgan. Maririnig ang *voice over* ni Mr. Morgan habang binabasa ni Sarah ang sulat.

Kung tutuusin, ang sulat na ito ay hindi lamang para kay Sarah kundi para sa mga Filipinong inaakalang magiging maganda ang kinabukasan ng kanilang buhay sa pamamagitan ng kanilang pagsasakripisyo sa ibang bansa. Sa pagtatapos ng pelikula, maririnig muli ang monologo si Sarah tungkol sa buhay. Sa halip na magmistula itong isang pilosopikong pagtanaw tungkol sa pagsuong sa buhay ng isang migranteng manggagawa, nanatili itong isang moralistikong pananaw. Hihikayatin ni Sarah ang mga manonood na hanapin ang kanilang tadhana kahit hindi sila tiyak kung saan ito patungo. Maging siya'y aamin na hindi tiyak kung saan pupunta pero hindi niya ito titingnan bilang hadlang. Subalit sa huli'y alam natin ang karaniwang nagiging katapusan ng kuwento ng marami nating kababayanan na nangingibang-bayan bilang mga caregiver at domestic helper. May umuuwing wala sa katinuan ng isip. May mga bumabalik din dahil hindi nakayanan ang pananakit ng kanilang mga amo. May ginagahasa at inaabuso. May nakukulong at may bumabalik na nakalagay na sa kabaong.

---

***Prof. Rommel B. Rodriguez** teaches literature and creative writing at the U.P. Department of Filipino and Philippine Literature, College of Arts and Letters. His works have been published in* Philippine Humanities Review, Diliman Review *and* Kasarinlan. *He is a member of CONTEND-UP.*